

Chapter One



“Kit, bumangon ka na diyan. May photoshoot pa tayo,” ani Mikka habang hinihila ang kumot na nakabalot sa natutulog pang kaibigan.

Isang ungol ng pagprotesta ang itinugon ni Kit habang hinihila ang kumot pabalik sa kanya. “Mamaya na... Five minutes pa.”

Naramdaman ni Kit ang pagdagan sa kanya ni Mikka. “Ayoko nga. Lagi namang nae-extend ’yang five minutes mo, eh. Ano ka, nasa computer shop? Bumangon ka na. Baka magalit pa ’yung kliyente natin, kaltasan pa ’yung makukuha natin.”

“Paano ako babangon, eh, nakadagan ’yang

dambuhala mong katawan sa akin? Umalis ka nga d'yan!" pang-aasar ni Kit habang itinutulak ang kaibigan.

"Grabe ka sa 'kin! Hindi naman ako dambuhala. Maliit ka lang talaga," depensa ni Mikka sa sarili. "Sa baba na nga lang kita hihintayin. Bilisan mo, okay?"

"Oo na. Hindi naman ako mabagal kumilos." Bumangon na siya, humikab bago tuluyang umalis sa kama, pagkatapos ay dumerecho sa banyo para maligo.

Freelance photographer siya. Pinili niya ang propesyong iyon dahil photography ang passion niya. Nag-aral siya ng architecture noong college, pero nag-shift din ng course dahil gusto niyang mag-focus sa photography. Hinayaan naman siya ng kanyang ina, lalo na't maykaya sila kahit paano. Hindi rin ito strikto para diktahan ang mga gusto niya sa buhay.

Kumikita naman siya nang higit pa sa sapat. Kaya niyang buhayin ang sarili niya. She was even able to afford a condominium unit.

Dahil nagmamadali, hindi niya tinagalan ang paliligo. Agad siyang lumabas para magbihis. Habang nagpapatuyo ng buhok gamit ang tuwalya, tumawag ang kanyang ina.

“Hello, Ma,” bungad niya.

“Kit, anak, busy ka ba sa weekend?” tanong nito.

“Hindi ko pa po alam, eh. Depende. Bakit po?”

“Gusto ko sanang samahan mo ako sa Baguio, may ano kasi...” bakas sa tinig nito ang pag-aalangan.

“Let’s cut to the chase, Ma. Ano’ng meron?” malamig na tugon niya. May hint na siya sa gusto nitong sabihin.

“Ipapakilala ko kasi sa ’yo ’yung bago kong boyfriend, eh. Pupunta kami ng Baguio, kaya doon ko na lang siya ipapakilala sa ’yo...”

Napapikit na lamang sa inis si Kit. Ini-expect niya nang iyon ang sasabihin ng ina, pero hindi pa rin niya mapigilan ang mairita. “Eh, di ba may boyfriend ka na? ’Yung ipinakilala mo sa akin dati? ’Yung kandila ang business?”

“Naghiwalay na kami n’un. ’Tsaka hindi ’yun basta kandila, Kristina. Scented candles din ’yun. Huwag ka ngang ano d’yan at nakinabang ka rin sa mga kandilang ’yun.

“Napaka-OA niya kasi. Nakita lang niyang may kausap akong lalaki, nagselos na. Eh, kaklase ko lang naman ’yun n’ung high school.”

Napahinga na lamang nang malalim si Kit. “Ewan ko sa ’yo, Ma. Nagagamit ko lang naman ang mga kandilang ’yun kapag brownout. ’Tsaka baka mamaya maghiwalay lang kayo niyang bago mong boyfriend.”

“Hindi, anak. Sigurado na ako sa kanya. I am sure that he is the one!” kinikilig na tugon nito sa kanya mula sa kabilang linya.

Kit hissed. “Ma, pang-apat na beses ko nang narinig ’yan sa ’yo. Nangangalahati pa lang ang taon! Makakailang boyfriend ka pa ba bago sumapit ang Pasko?”

“Anak naman, maging supportive ka na lang sa Mama, okay?”

“Ewan ko sa ’yo, Ma.”

“Pumunta ka. Susunduin kita sa week—”

Hindi na natapos pa ng nanay ni Kit ang sinasabi nito dahil pinatay na ng dalaga ang tawag. Hindi masamang babae ang kanyang ina, sadyang madali lang talaga para rito ang magpalit ng lalaki.

Single mom ang nanay ni Kit dahil namatay ang kanyang ama noong siya ay apat na taong gulang pa lamang. Wala man siyang mga alaala ng ama, mga magagandang bagay naman ang naririnig niyang kwento tungkol dito.

Sa totoo lang, naiinis talaga si Kit sa tuwing nagkakaroon ng bagong boyfriend ang ina. Hindi naman siya kontra sa kaligayahan nito, lalo na't hindi naman ito nagkulang sa kanya. Mag-isa siyang itinaguyod ng ina, at ginawa nito ang lahat para lumaki siyang matino at maayos. Nagsimula lang ang pagbo-boyfriend nito nang makatapos siya ng kolehiyo.

Noong una ay walang nakikitang problema si Kit, subalit dahil sa madalas nitong pagpapalit ng nobyo ay naaalarma na ang dalaga. Iyon nga lang, wala siyang magawa para pigilan ito. Hindi naman ito nakikinig sa kanya.

Napailing na lamang si Kit at itinuon ang pansin sa pag-aayos sa sarili. Naghihintay na sa kanya si Mikka.

Matapos ihanda ang mga gamit na dadalhin ay lumabas na siya ng condo unit. Akala niya ay makakaalis siya agad, pero paglabas niya ay may nakaharang na mga lalaki at mga kagamitan sa tapat ng unit niya. Sinubukan niyang dumaan para makarating sa elevator, pero hindi niya magawang lumusot sa mga lalaking may mga dalang kahon.

Nagsalubong na ang mga kilay ni Kit sa inis.
'*Andaming gamit, ah. Siguro may lilipat na dito*

sa katabing unit. Hinarangan pa talaga nila 'yung daan. Imbyerna!

“Ah, Kuya...” ani Kit sa isa sa mga lalaking may dalang gamit, “Makikidaan lang po sana—”

“Miss, tabi d’yan! Mabigat ’tong dala ko, baka mabagsakan ka,” sabi nito sa kanya.

Wala nang nagawa si Kit kundi ang tumabi. Nang makadaan ang lalaki ay sinubukan niyang sumingit, pero sumulpot ang dalawa pang lalaking magkausong sa sofa. Paulit-ulit na napurnada ang pagsingit niya.

Napikon na si Kit. Huminga siya nang malalim, yumuko, at ipinikit ang mga mata. Sinubukan niyang kalmahin ang sarili. Ayaw niyang sigawan ang mga trabahador na naglilipat ng gamit sa kabilang unit. Gusto niyang palampasin ang inis na nararamdaman para good vibes siya pagpunta niya sa raket nila ni Mikka.

Nagbilang siya hanggang sampu, at saka niya idinilat muli ang mga mata.

At nakita ang lalaking nakatayo sa harap niya. Dahil nakayuko, ang maong na pantalon nito ang bumungad sa kanya. Mahahaba ang mga biyas nito, kaya halatang matangkad ang

lalaki.

Dahan-dahang nag-angat ng tingin ni Kit, at nasilayan ang katawan nito. Nangingintab iyon sa pawis. Napalunok siya. Tila diyos ito na bumaba mula sa *Mount Olympus* para bisitahin ang isang mortal na kagaya niya.

Perpekto ang katawan nito, lalo na ang abs at ang pecs na lalong naging kaaya-aya tingnan dahil sa pawis. Nasa balikat nito ang isang puting t-shirt na hula ni Kit ay hinubad ng lalaki dahil basa na ng pawis.

Nang dumako ang mga mata niya sa ulo ng estranghero ay lalo siyang namangha. Kahit bahagyang magulo ang buhok nito ay ang guwapo-guwapo pa rin. Matangos ang ilong nito, at mas makinis pa yata sa kutis niya ang mamula-mula nitong balat. Light brown ang kulay ng mga mata nito, may mahahabang pilik-mata, at perpektong pares ng mga kilay. Mukha itong masungit at istrikto, at nakatingin ito sa kanya na parang naghahamon ng away.

Kit held her breath, at ramdam niya ang pag-iinit ng mga pisngi niya. Pahiyang-pahiya siya dahil nahuli siya ng lalaki na nakatitig dito. Akala niya ay susungitan siya nito, pero bigla itong ngumisi, isang nakakaakit na ngisi na lalo

pang nagpatingkad sa kagwapuhan nito.

At sigurado si Kit na mas tumindi ang pamumula niya.

Sa sobrang hiya, nagtatakbo na lamang siya papunta sa elevator.

Shet! Nakakahiya ka talaga, Kristina!

Chapter Two



“Wala ka na bang balak umuwi sa bahay natin, Kuya?” tanong ni Aivi habang tinitingnan ang mga malalaking kahon sa loob ng condominium unit ng nakatatandang kapatid na si Aiden. Sinadya muna ng dalaga ang kapatid bago pumasok sa trabaho.

Itinulak ni Aiden ang sofa sa gustong pwesto bago binalingan ang kapatid. “To be honest, ayoko nang umuwi sa atin. I don’t like it there anymore. Hindi ko magawa ang mga gusto ko. At least, dito sa sarili kong unit, may kalayaan na akong gawin ang mga trip ko.”

Sumimangot si Aivi. “So iiwan mo ako d’un?”

Hahayaang mo na lang ako sa bahay na 'yun?"

"Kung ayaw mo na rin d'un, eh, di umalis ka. Hindi naman magagalit sa 'yo si Dad, eh. Mas gusto pa nga niya kung bubukod na tayo. We're adults now, Aivi. Basta ba huwag ka lang titira dito sa unit ko. There is no freaking way that I'll let you stay here," sabi ni Aiden habang nagpupunas ng pawis sa mukha gamit ang kamay.

"Wala naman akong balak makitira sa 'yo dito, 'no. If I know, gabi-gabi kang magdadala ng mga babae dito. Gosh, ayoko nang i-imagine ang mga ginagawa ninyo. The thought of it disgusts me. Kung kani-kanino ka na lang pumapatol, Kuya. *Very disgusting.*" Umarte pa ang dalaga na parang nandidiri.

Natawa na lamang si Aiden. "Alam mo, kung wala ka rin lang balak tumulong sa pag-aayos dito, umalis ka na lang. Ang ingay-ingay mo. 'Tsaka naiistorbo mo 'ko."

"Tantanan mo na ang pambababae mo, Kuya," payo nito.

Hindi itatanggi ni Aiden ang pagiging playboy. Enjoy siya sa company ng mga babaeng fini-flirt niya. Hindi siya nakikipag-girlfriend dahil ayaw niya rin ng seryosong relasyon sa ngayon.

Kung hitsura ang pag-uusapan, hindi

nakapagtataka kung bakit hindi siya nauubusan ng babae. Kahit pa mukha siyang masungit at suplado, kabaliktaran ang ugali niya.

Ang pagiging magandang lalaki ang puhunan ni Aiden Lazaro para maging sikat at matagumpay na modelo. Malaki na ang kanyang fan base. Libo-libo ang followers niya sa social media na talagang nag-aabang ng mga updates at posts niya.

Subalit kahit kilala na siya, pinipilit ni Aiden na gawing pribado ang buhay niya gayundin ng kanyang pamilya. Panganay siya ng mayamang businessman at philanthropist na si Antonio Lazaro. Chef ang nakababata niyang kapatid na si Aivi. Ayaw niyang madamay ang pamilya sa gulo at stress ng pagiging celebrity niya.

Marami ang hindi nakakaalam na hiwalay na ang mga magulang nina Aiden at Aivi. Sumama ang kanilang ina sa ibang lalaki labindalawang taon na ang nakakaraan.

Twenty-six na si Aiden, pero hindi pa rin naghihilom ang sugat na dulot ng pag-iwan sa kanilang pamilya ng ilaw ng kanilang tahanan.

Nasaktan nang labis si Aiden sa ginawa ng ina. Gusto niyang isipin na iyon ang dahilan kung bakit hindi siya makapagseryoso pagdating sa

pakikipagrelasyon.

Dahil mahirap magsalita ng tapos, hindi niya isinasara ang posibilidad na balang araw ay magseseryoso rin siya. Malamang ay doon sa babaeng matagal mapasagot at mahirap suyuin.

So far, wala pa siyang nakikilalang ganoong babae. Karamihan sa mga nakakasalamuha niya ay kulang na lang maghubad sa harap niya makuha lamang ang atensyon niya.

“Wala talaga akong balak na tumulong sa ’yo, ’no. Dumaan lang ako para i-check kung okay ka lang dito. ’Tsaka gusto ko rin ma-meet ’yung mga neighbors mo. Baka mamaya may mga creepy palang tao dito. Baka kung ano’ng gawin sa ’yo.”

“Wow, ang sweet naman ng kapatid ko,” Aiden stretched his arms wide, waiting for his younger sister to come to him, “Halika nga dito. Payakap ako sa baby sister ko.”

“Ew! Naliligo ka na kaya sa pawis. I’m leaving, Kuya.” Pinisil nito ang ilong.

“Excuse me, mabango kaya ang pawis ko. Nag-aaway ang mga babae para maamoy lang iyan, ’no,” pagyayabang ni Aiden sa kapatid.

“Well, those girls are stupid,” mataray na sopla ni Aivi. “Anyway, bye. Bibisitahin na lang kita ulit. Huwag ka nang mambababae, utang na

loob. And be good to your neighbors, especially if they're women.”

“You need not worry, dear sister. I think you already know that your brother is exceptionally *good* with women,” nakangising tugon ni Aiden.

“Ibang *good* ang ibig kong sabihin, Kuya. Nakaka-stress ka!” Binato nito ng throw pillow ang kapatid. “O, sige na, maiwan na kita. Bye!”

“Bye din. Ingat sila sa 'yo—I mean, ingat ka sa pagda-drive,” biro pa ni Aiden at inihatid ang kapatid hanggang sa elevator.

Pabalik na siya sa kanyang unit nang matigilan nang mahagip ng tingin ang pinto ng kabilang unit. Hindi niya mapigilang mapangiti habang naaalala ang itsura ng babaeng kapit-bahay niya.

Tumutulong siya noon sa mga trabahador nang maabutan itong nakatayo sa gitna ng dadaanan niya. Nakapikit ito at humihinga nang malalim na para bang kinakalma ang sarili. Hindi nito napansin ang pagdating niya kaya nagkaroon siya ng ilang segundo para pagmasdan ito.

Nang dumilat ang babae ay parang nagulat ito nang makita ang mga paa niya. Marahil ay hindi nito akalain na may nakatayo na sa harap nito. Unti-unti itong nag-angat ng mukha.

Aiden was aware that she'd been staring at his

body. Naghubad kasi siya dahil pinagpapawisan na siya kakabuhay ng mga gamit.

Tuluyan itong tumunghay at nasilayan ni Aiden nang maayos ang mukha ng kaharap. And what he saw pleased him very much.

She's beautiful. Mahaba at malago ang buhok nito na abot hanggang sa kalahati ng likod. Her eyes reminded him of almonds. Mahahaba ang pilik-mata nito. Matangos ang ilong nito na binagayan ng mapupulang labi na parang ang sarap halikan. Maputi rin ito at sa tantiya ni Aiden ay hanggang dibdib lamang niya ang babae. Hindi niya gaanong nabistahan ang ang hubog ng katawan nito dahil nakasuot ito noon ng isang black leather jacket.

Kakausapin niya sana ito, pero bigla na lamang itong nagtatakbo papunta sa elevator.

Nang makaalis ito ay natawa na lamang siya.

"I shall see more of you, my pretty neighbour."
At naglakad na siya papasok sa unit niya.



Ramdam ni Kit ang labis na pagod. Buong araw inabot ang photoshoot, pagkatapos ay may pinuntahan pa siyang event kung kaya hatinggabi na siya nakauwi. Masakit na ang katawan niya.

Dumerecho siya sa elevator, at isinandal niya ang likod sa pader niyon. Magsasara na sana ang mga pinto nang may kamay na lumusot sa siwang upang pigilan ito.

To her dismay, ang bago niya pang kapit-bahay ang pumasok. Awkwardness at hiya ang nararamdaman ni Kit ngayong nakita niya muli ang lalaki. Kung pwede lang na malusaw na lamang siya sa kinatatayuan.

May kasama itong babae na nakayapos na rito. Mukhang parehong nakainom ang dalawa. Alam na ni Kit kung ano ang hahantungan niyon, pero wala naman siyang pakialam. Kapit-bahay lang naman niya ang lalaki, so it's his business, not hers.

Habang nasa elevator ay panay ang harutan ng dalawa. Maya't maya ang nakawan ng halik at paghagikhik. Noong una ay deadma si Kit, pero habang nagtatagal ay naiirita na siya. Nasa 43rd floor ang respective units nila, kung kaya ramdam niya ang bawat segundo ng pag-akyat.

Ang sarap balibagin ng dalawang 'to. Akala mo walang tao sa paligid nila. Kelan pa ako naging hangin?

Huminga nang malalim si Kit para pahupain ang inis kahit pa gusto niya nang sitahin ang kapit-bahay na haliparot pati na ang kasama nito.

Buti na lamang at hindi na nagtagal ang kalbaryo ni Kit. May ibang taong pumasok sa elevator at tumigil ang lalaki sa kalandian. Pero hindi nagpaawat ang babae.

Nakakaloka naman ang mga 'to. Nag-e-enjoy pa 'atang may nakakakita sa kanila. Ibang klase na talaga ang mga tao ngayon.

Napailing si Kit, at lalong umigting ang pagkabwisit niya. Pero tiniis niya na lang ang lahat ng iyon. Ang mahalaga ay malapit na siya sa floor nila at makakahiga na siya sa pinakamamahal niyang kama.

Pagsapit sa 43rd floor ay mabilis na naglakad palabas si Kit at dahil sa pagmamadali ay hindi sinasadyang nabangga niya ang bagong kapitbahay. Pero dahil wala na siyang pakialam sa sasabihin nito ay hindi na siya humingi ng paumanhin at nagtuloy-tuloy na lamang patungo sa unit niya.

Agad siyang naghilamos at nagbihis para ihanda ang sarili sa pagtulog. Hobby niya talaga ang matulog, pero excited siyang gawin iyon ngayon dahil pagod na pagod siya.

“Hello, bed!” bati ni Kit sa malambot niyang kama. “Na-miss mo ba ako? Kasi ikaw na-miss ko.”

At malayang ibinagsak niya ang sarili sa

higaan. Kasabay niyon ang isang malakas na kalabog mula sa kabilang unit.

Napaupo siya.

Hala siya, o. Ano'ng nangyari d'un?

Dahil nakasandal sa pader ang kama ay madali niyang nailapit ang tainga sa pader. May mga kalabog pa, na nasundan ng mga halinghing at ungol. Doon na napagtanto ni Kit na nagmimilagro ang bagong kapit-bahay at ang babaeng kasama nito.

Napakibit-balikat na lamang si Kit. “Wala naman palang magnanakaw...”

Pumailalim na siya sa malambot niyang kumot. *Buhay nila iyan.*

Ipinikit na niya ang mga mata.

Tinakpan niya ng unan ang mga tainga niya, pero naririnig niya parin ang mga kalabog at ungol.

Naupo si Kit at tinitigan nang masama ang pader na naghihiwalay sa mga unit nila. “Nananadya pa 'ata ang mga bwisit na 'to, eh. Kung ayaw nilang matulog, sana naman magpatulog sila.”

Gusto niya na sanang magreklamo, pero parang ang awkward kung gagawin niya iyon habang nasa kalagitnaan ng ‘something’ ang kapit-bahay niya. Dahil mahaba ang pasensya,

napagdesisyonan na lamang ni Kit na huwag nang sugurin ito. Pero sa oras na maulit ang nangyari ay talagang sisitahin niya na ang lalaki.

Ibinagsak muli ni Kit ang katawan sa kama at muling ipinikit ang mga mata. Sinubukan niyang matulog, pero bigo. Naglagay na siya ng ear plugs, pero tila lalong lumakas ang ingay ng mga nagmimilagro sa kabilang unit.

Nagpatugtog na lamang siya ng music para kahit papaano ay hindi niya na marinig ang mga ingay sa kabila. Hindi man siya makatulog dahil sa musika, at least hindi niya maririnig ang mga halinghing ng kapit-bahay niya at ng kasama nitong babae.

Maghihintay na lamang siya na matapos ang ganap sa kabila saka siya matutulog. Wala naman siyang pupuntahan o appointment bukas kaya okay lang kung late na siya makatulog.

Napatitig na lamang si Kit nang masama sa kisame.

Huwag ka na sanang umulit ng ganitong gawain, new neighbor. Baka kung ano'ng magawa ko sa 'yong lintik ka! Nakaka-stress ka!

Chapter Three



Kahit late na nakatulog si Kit, maaga pa rin siyang nagising. Ngayon ay parang binibiyak na ang ulo niya sa sakit. Nangyayari iyon kapag kulang siya sa tulog. Agad siyang lumabas para bumili ng gamot nang makitang ubos na ang supply niya. Dumaan na rin siya sa isang kainan para bumili ng almusal. Pagkatapos ay bumalik na siya sa condo unit para magpahinga buong araw.

Pagpasok niya sa elevator ay sumulpot ang kapit-bahay niya. Walang lakas para mairita, tanging malamig na tingin lamang ang ibinigay niya sa lalaki.

Pero kahit pa nakasimangot siya ay nakangiti

pa rin sa kanya ang lalaki. “Good morning, neighbor.”

“Hmm,” ang tanging itinugon ni Kit. Wala na siyang pakialam kahit isipin nito na wala siyang modo.

“Mukhang hindi maganda ang morning natin, ah.”

“Sorry, but I don’t talk to strangers,” matalim saad ni Kit.

Sinapo ng kapit-bahay niya ang noo nito at natawa. “How rude of me. Hindi pa nga pala ako nagpapakilala sa ’yo. I’m Aiden Lazaro. And you are?”

Aiden Lazaro? Why does that sound familiar?
“Kit Ramirez.”

“Kit is probably a nickname. Ano’ng totoo mong pangalan?”

“It’s none of your business,” she retorted.

Pero sa halip na makitaan ng inis ay nanatili itong nakangiti. “Hmm... Mukhang hindi talaga maganda ang gising mo, Kit.”

“Ganito lang talaga ako kapag bagong gising. Masungit.”

Napatango na lamang si Aiden. “Ahh. Well, I have never seen a lady as pretty as you kapag nagsusungit. Amazing.”

Ang aga naman maglandi nito. “Ako rin, amazed,” sarkastikong sabi ni Kit, “I have never seen a man as noisy as you are.”

Iniisip niya talagang titigil na ito sa pagkausap sa kanya, pero mukhang hindi nito naintindihan ang pahiwatig niya.

“Mahilig lang talaga kasi akong makipag-usap. Tsaka kapit-bahay kita. I should establish good ties with you.”

Magsasalita na sanang muli si Kit, pero saktong bumukas ang elevator kaya mabilis siyang naglakad palabas. Agad na sumunod sa kanya ang binata na waring hinahabol siya.

“By the way, gusto sana kitang i-invite na mag-lunch mamaya.”

“I’m busy,” sabi ni Kit at binigyan ang huli ng isang matalim na titig.

Matapos iyon ay mabilis na tinype ni Kit ang pass code sa pinto ng condo unit niya at pumasok na.



Ilang araw na ang lumipas. Habang lalo niyang sinusungitan si Aiden, lalo lang itong nangungulit at nang-iirita. Araw-araw siya nitong binabati ng “Good morning” kapag nagkakasabay sila sa umaga. Lagi siya nitong

kinakausap at kung minsan ay iniimbiba pang kumain na lagi niyang tinatanggihan.

Iniwasan ni Kit ang lalaki sa abot ng makakaya para hindi nasisira ang araw niya.

Ang pinakakinaiinisan niya ay ang halos gabi-gabi nitong pagdadala ng babae sa unit nito. Talagang pasakit iyon dahil nahihirapan siyang matulog sa ingay nito at ng kasama. Gusto mang magreklamo ni Kit, naaalangan siya dahil sa hiya. Baka kung ano pa ang isipin ng lalaki.

Isang gabi, isinantabi na ni Kit ang lahat ng hiya at buong-tapang na sinugod si Aiden sa unit nito. Gusto niya na ring makatulog nang matino at mukhang walang mangyayari kung magngingitngit lang siya lagi sa loob ng unit niya.

Huminga muna siya nang malalim para kalmahin ang sarili bago nag-doorbell.

Ilang minuto ang lumipas bago lumabas si Aiden. Hindi nito tuluyang binuksan ang pinto, nakalitaw lamang ang ulo nito sa siwang. Sa hula ni Kit ay hindi disente ang gayak nito kaya hindi nito magawang lumabas.

Pinairal niya na lamang ang pagiging mature.

“May kailangan ka ba, Kit?” tanong nito sa kanya nang may nang-aakit na ngiti sa mukha.

Kit rolled her eyes. “Alam kong karapatan

mong mag... *you know*. If you can't stop, then just keep it down, will you? Ang ingay ninyo ng kasama mo. Hindi lang ikaw ang nakatira dito. Nahihirapan na akong matulog dahil sa inyo.”

“Ah...” ani Aiden na para bang may napagtanto, “Okay, pauwiin ko na lang siya.”

“W-what? That's not what I meant!” Napakamot si Kit dahil sa pagkairita. “Just keep it down! Hindi ko sinabing paalisin mo ang girlfriend mo nang disoras—”

“Hindi ko siya girlfriend.”

“Well then, whoever she is.”

“Kaya nga papauwiin ko na siya. Para hindi na makaistorbo sa 'yo,” ani Aiden.

Napepeste si Kit dahil parang hindi nito naiintindihan ang gusto niyang ipahiwatig.

“I am simply asking you to keep it down. Nothing more, nothing less.” Tumalikod na si Kit para bumalik sa unit niya.

Tila umepekto naman ang pagrereklamo niya dahil noong gabing iyon ay wala na siyang narinig pang mga halinghing at kalabog mula sa kabilang unit.



Buong akala ni Kit ay magpapatuloy na ang katahimikan sa buhay niya, pero ilang araw

lamang ang lumipas ay bumalik si Aiden sa dating gawi. Pinalampas niya ang unang gabi, pati na ang pangalawa. Subalit nang pangatlong gabi ay hindi na talaga nakapagpigil pa si Kit. Napabangon siya sa higaan at galit na lumabas ng silid niya.

“Humanda ka talaga sa aking malandi ka,” banta ni Kit habang isinusuot ang tsinelas niya, “Napupuno na ako sa ’yo!”

Agad siyang dumerecho sa katabing unit at pinanggigilan ang doorbell ni Aiden. “Hoy, lalaki! Lumabas ka nga diyan! Napepeste na ako sa ingay ninyo! Ang kapal na nga n’ung pader tapos lumulusot pa rin ’yang mga ingay ninyo papunta sa kwarto ko! Ayaw n’yo talagang papigil, ano?”

Maswerte siya at silang dalawa lamang ang occupants sa floor na iyon. Sa wakas ay bumukas ang pinto ng unit nito.

Pero isang babae ang lumabas. Provocative ang black dress nitong suot. Nagulat ito nang makita siya sa harap ng unit, pagkatapos ay iniwas nito ang tingin bago nagmamadaling umalis bitbit ang isang pares ng high heels.

Sunod na lumabas ng unit si Aiden. Nakasuot ito ng manipis na white T-shirt at bakat ang pectorals nito. Namumutok sa muscles ang mga

braso nito. Shorts ang suot nitong pang-ibaba. Magulo ang buhok nito, pero hindi iyon naging rason para mabawasan ang kagwapuhan nito. Parang nakadagdag pa ang mga iyon sa sex appeal nito.

Napalunok si Kit. Hindi siya makapaniwala na iniisip niya ang mga bagay na iyon ngayon. This was not the time to admire the guy!

“Wala ka ba talagang pakialam sa mga kapit-bahay mo?” nanggagalaiting tanong ni Kit kay Aiden habang nakapamaywang.

“Ikaw lang naman ang kapit-bahay ko, ah,” pamimilosopo pa nito. “At saka may pakialam ako sa ’yo, kaya nga pinaalis ko na siya, di ba?”

“I just wanted you to keep it down. Hindi ko sinabing paalisin mo siya,” mariing sabi niya.

“Mas mabuti nang paalisin ko siya. If I let her stay, I doubt that we could stop doing *it*. And I highly doubt that she could keep it down...” Aiden replied, and smirked.

“I don’t give a damn. Ang gusto ko lang, maging sensitive ka sa mga nangyayari sa paligid mo. This is not the first time na nagreklamo ako sa ’yo. Noong una nagtimi lang ako. Pero talagang nakakaistorbo ka na, eh.”

“So... galit ka na niyan?” tanong ni Aiden.

Pinagtitripan ba ako nito? “E-excuse me?”

“Tinatanong ko kung galit ka na sa lagay na ‘yan.”

“What do you think? Susugurin ba kita dito kung hindi ako galit?”

Aiden poked her nose gently. “You’re adorable.”

Tinakpan ni Kit ang ilong niya, at ramdam niya ang pag-iinit ng mukha sa pagdampi ng balat nito sa kanya.

“Huwag mo akong pagtripan—”

“Has anybody told you how beautiful you are when you’re mad?” He took a step closer.

Intimidation at excitement ang naramdaman ni Kit, hindi niya maipaliwanag. She took a step back. “What the heck are you doing?”

“Admiring you,” sagot nito. “Bakit, wala pa bang nakakapagsabi sa ‘yo na maganda ka?”

Natigilan siya. Napatingin siya nang direkta sa mga mata ng kaharap. Nanigas yata siya sa kinatatayuan. Hindi niya alam kung anong mahika mayroon ito.

He cupped her face with his right hand. “Your eyes... your nose... your lips...”

Nang unti-unting ibaba ni Aiden ang mukha nito palapit sa kanya, nagsimula nang maalarma

si Kit. Lumakas ang tibok ng puso niya sa ginagawa ng binata, at naglalaban sa isipan niya ang desisyon kung lalayo ba siya, o hahayaan na lamang ito.

Is he going to kiss me? Pero... wala pa akong first kiss! I can't let this playboy treat me like this!

Tila kusang umangat ang kanang kamay ni Kit at sumampal sa pisngi ni Aiden. Sa sobrang lakas, parang nag-echo ang tunog niyon sa buong floor. Natigilan si Aiden at napatitig nang derecho sa mga mata niya.

Nakaramdam ng takot si Kit. Hindi niya dapat pisikal na sinaktan ang lalaki! Hindi na niya hinintay pa ang reaksyon nito. Nagtatakbo na lamang siya pabalik sa sariling unit.

Gustong batukan ng dalaga ang sarili dahil sa inis. “Kristina! Napakaengot mo talaga! Bakit mo ba siya sinampal?” Napaupo na lamang siya sa sahig at isinandal ang likod sa pintuan.

Napabuntong-hininga siya habang pinagsisisihan ang ginawa sa kapit-bahay. “Ang malas ko talaga! Bwisit!”



“Anong oras ba balak dumating ng model natin ngayong araw? 8 AM ang call time, hindi ba? It’s freaking 9 AM! I don’t have the whole

day!” naiinis na sabi ni Kit. Ayaw na ayaw niya ang pinaghihintay, lalo na pagdating sa trabaho.

“Sorry talaga, Kit,” paghingi ng paumanhin ng manager ng modelong hinihintay nila. “Tinawagan ko na siya, eh. Nagri-ring pero hindi niya talaga sinasagot.”

Kit gave him a glare. “Ayokong magsayang ng oras.”

“P-papunta na siya, Kit. Huwag kang mag-alala.”

Lumabas siya ng studio at dumerecho sa banyo.

Hindi ugali ni Kit ang tumanggi sa trabaho. Napili siyang maging photographer para sa photo book ng isang sikat na modelo na may napakalaking following o fan base sa Pilipinas at maging sa buong Asia. Hindi niya akalain na ganito ang kahihinatnan.

Nakadagdag pa sa stress niya ang pagiging bayolente niya kay Aiden. Puro iwas siya ngayon sa binata. Ni hindi niya na nga ito tinitingnan sa mukha pag aksidenteng nakakasabay o nakakasalubong niya.

Alam niyang hindi rin pwedeng habang-buhay itong iwasan.

Naghilamos na lamang siya para kalmahin

ang sarili.

Shoot lang 'yan. Relax, okay? Tsaka 'yung kay Aiden, hayaan mo na 'yun. Lilipas din 'to lahat. Kapit lang.

Matapos mahimasmasan ay bumalik na si Kit sa studio. Habang naglalakad ay naririnig niya ang pamilyar na tinig ng isang lalaki.

“Sorry talaga kung na-late ako. Traffic kasi, eh. Nahirapan akong makahanap ng alternative route...”

Kilala ni Kit ang boses na iyon. Kinabahan siya. “No freaking way...”

Nagmadali siya papasok sa studio, at nasilayan ang lalaking nagsasalita.

Tama siya. It was Aiden, the playboy next door.

Dahan-dahang lumapit si Kit habang hindi makapaniwala sa presensya ng kinaiinisang kapit-bahay.

Napangiti si Aiden sa kanya at kumaway pa. “Oh. Hi, neighbor! Ikaw pala ang photographer ko ngayon?”

“Ikaw 'yung model na sinasabi nila?” Hindi makapaniwala si Kit habang nakatitig sa nakangiting binata.

Tumango ito. “Ako nga. Hindi ka ba excited

makatrabaho ako? At least magkakilala na tayo. Hindi na mahirap mag-establish ng working relationship.”

Itinuro ng dalaga ang sariling mukha. “Do I look excited to you?”

“Hmm, mukhang hindi. Lagi mo akong iniwasan nitong mga nakaraang araw, ’tapos ganito pa ang reaction mo. How disappointing. Excited pa naman akong makatrabaho ka...” Inilapit nito ang bibig malapit sa tainga niya. “I am looking forward to working with you, Kit.”

That moment, alam na ni Kit na magiging kalbaryo ang mga linggong magkakatrabaho sila.

Chapter Four



“What a small world, right? Akalain mo ’yun, magkapit-bahay na nga tayo, ’tapos ikaw pa pala ang photographer para sa photo book ko. How cool!”

Ang dating kay Kit ay may halong pang-aasar ang tinig ni Aiden. Hindi man nagsasalita, nagpupuyos ang loob niya sa inis. Gusto niya nang magwala dahil sa sobrang bad trip.

“Hindi ka batalaga natutuwa na magkatrabaho tayo?” tanong nito sa kanya.

Isang malamig na tingin ang ibinigay ni Kit kay Aiden. “Honestly, hindi.”

“Oo nga naman,” anito, at naupo sa ibabaw ng mesang kinalalagyan ng mga gamit niya. “I

mean, kung nag-e-enjoy ka sa company ko, hindi mo ako sasampalin—”

“I’m sorry about that. Pero sana huwag mo na akong asarin dahil baka masampal kita ulit,” mahinang banta ni Kit sa lalaki.

“Why is it that you don’t you like me?”

“Number one, mayabang ka. Number two, maingay ka. Number three, makulit ka. Number four, napaka-annoying mo. At number five, playboy ka.”

“Bakit? May problema ka ba sa mga playboy? Oh, no. Did a playboy break your heart?” Itinuro pa nito ang dibdib niya.

Agad na tinakpan ni Kit ang dibdib na parang naeskandalo. “No playboy can break my heart because I have no plans of falling for one. At isa pa, hindi lahat ng tao magugustuhan ka, Mr. Aiden Lazaro. Just because you’re rich and good-looking doesn’t mean that everybody will like you. Hindi ako katulad ng mga babaeng nakikilala mo, ’no.”

“You’re right. You aren’t like them, and that’s what makes you special.”

Natigilan si Kit sa narinig at napatitig sa magagandang mata ng binata. Nang makabawi ay nagbawi siya ng tingin at tumalikod.

“Guys, mag-ready na kayo! Let’s start this shoot!” sigaw niya sa mga kasama.

Feeling ni Kit, nagka-crush na yata siya sa kinaiinisang kapit-bahay.



Pag-uwi ni Kit, saktong nakasabay niya muli si Aiden sa elevator. May kausap ito sa phone kaya hindi siya nito inistorbo. Bahagya siyang nakahinga nang maluwag.

Somehow, parang na-disappoint din ang dalaga na hindi siya pinapansin at kinukulit ng lalaki. Pakiramdam niya ay nami-miss niya na ang ingay at ang ngiti nito. Likas kasi itong makwento kahit pa hindi siya sumasagot. Aaminin niyang nakikinig naman siya sa mga sinasabi nito.

Ano ba ’yan, Kristina! Bakit mo nami-miss ang kakulitan ng playboy na ’yan?

Napapikit at umiling-iling na lamang siya na parang sinisermunan ang sarili. Huminga siya nang malalim at itinuon na lamang ang tingin sa mga pinto ng elevator.

Pagtapat sa unit niya ay agad niyang pinindot ang passcode sa pinto. Bubuksan na sana niya ang pinto nang may magsalita.

“Birthday mo?”

Napalingon siya rito. “Ha?”

“Sabi ko, kung birthday mo ang passcode mo.”

Nagsalubong ang mga kilay ni Kit. “At bakit mo naman tiningnan ang passcode ko?”

“Eh, nakita ko n’ung lumingon ako, eh. Malay ko bang hindi mo pala tatakpan kapag pumindot ka,” tugon ni Aiden habang tumatawa. “So March 9 pala ang birthday mo? 0309 kasi ’yung nakita ko eh. Ako rin birthday ko ang passcode ko, eh. Um, 0604 kasi June 4 ako ipinanganak.”

“I don’t freaking care. Basta huwag mo lang subukang pumasok dito sa unit ko, dahil kung hindi, papasukin ko rin ’yang unit mo at sisirain ko ’yang mga gamit mo,” banta ni Kit. “Mamaya magpapalit ako ng passcode, so pwede mo nang kalimutan ’yung 0309.”

Ngumisi si Aiden. “You’re angel-faced, but man, you’re feisty.”

Pinaikot lamang ni Kit ang mga mata bago pumasok sa unit niya.

Laking gulat niya nang maabutan ang ina sa loob. Hawak nito ang mga damit niya at inilalagay sa isang malaking maleta.

“Mama! Ano’ng ginagawa mo?” ani Kit habang inaagaw ang mga damit mula sa ina.

“Ano pa, eh, di hinahanda ’yung mga gamit

na dadalhin mo para bukas. Hindi ba sabi ko sa 'yo isasama kita sa Baguio sa weekend para makilala mo 'yung—”

“Ayoko,” mariing tanggi ni Kit.

“Anong ayaw mo? Hindi pwede 'yun, Kristina. Nasabi ko na sa kanya na ipapakilala kita—”

“Hindi ko naman siya kailangang makilala. Papalitan mo rin siya agad, hindi ba? Kaya huwag mo na lang akong isama,” malamig na sabi ng dalaga habang ibinabalik ang mga damit niya sa lalagyan.

“Kristina, sumusobra ka na!”

Hinarap niya ang ina. “Nagsasabi lang ako ng totoo, Ma. Hindi mo ba alam na pinag-uusapan ka na ng mga tao? Pati ako nadadamay. Para kang mauubusan lagi ng lalaki—”

Bago pa matapos ni Kit ang sinasabi ay tumama na sa pisngi niya ang palad ng ina. Naramdaman niya ang hapdi ng sampal nito.

“A-anak... sorry, hindi ko sinasadya,” garalgal na saad ng ina. Tila natakot din ito at nasaktan dahil sa nagawa.

Masakit ang sampal na tumama sa mukha niya, pero mas masakit ang nararamdaman niya. Masama ang loob niya sa ina, pero hindi niya magawang magsalita para manumbat. Hindi niya

rin magawang umiyak.

Hindi na sumagot pa si Kit. Huminga lamang siya nang malalim, bago lumabas ng unit niya dala pa rin ang gamit. Hindi niya muna nais na makita ang ina.

Gusto niyang mapag-isa.



Dumaan si Kit sa convenience store para bumili ng alak. Balak niya iyong inumin sa condo unit niya, pero nang makita ang text ng ina na hinihintay siya nito roon para makapag-usap sila ay nagdesisyon na lamang siyang inumin ito sa park sa tapat lang ng condominium building.

Sakaling malasing siya, madali lang siyang makakauwi. Sigurado naman siyang aalis din ang nanay niya mayamaya, kaya hihintayin niya na lang na umuwi ito.

Dahil ayaw niyang uminom mag-isa, tinawagan niya ang best friend.

“Mikka...” ani Kit habang sinisimulan na ang pag-inom. “Samahan mo nga akong uminom.”

“Uy, iinom ka? Bakit? Ano’ng nangyari? Hoy, bruha ka, tigilan mo nga ’yan! Nasaan ka ba?”
Bakas sa tinig nito ang pag-aalala.

“Nasa park. Sa tapat ng condominium,” tugon ni Kit bago muling uminom mula sa bote.

“Sira ka talaga. Kung iinom ka, doon ka sa unit mo. Alam mo namang nagiging malandi ka kapag nakakainom, eh. Hindi ka pwedeng uminom sa public place. Baka kung sino pa ang halikan mo diyan. Kung gusto mong maglasing, doon ka sa unit mo ’tapos mag-lock ka ng pinto para walang mapahamak,” sermon ni Mikka.

“Ayoko d’un. Andun si Mama. Nag-away kami kanina. Sinampal niya pa nga ako, eh,” parang batang sumbong niya sa kaibigan.

“Nakakaloka talaga kayo ng nanay mo. Siguro sinita mo na naman ’yung pagbo-boyfriend niya, ’no?”

Ayaw nang pag-usapan pa ni Kit ang tungkol doon. “Ano, sasamahan mo ba ako o hindi?”

“Kit naman kasi—”

“Huwag ka na lang pumunta,” inis na putol niya. “Kaya ko namang ubusin ’to, eh.” Pinatay na niya ang tawag at pati ang phone niya.



Nang malaman ni Aiden na isang nagngangalang Kit Ramirez ang magiging photographer para sa photo book niya, agad niyang kinumpirma kung ang Kit na iyon ay ang Kit na kapit-bahay niya. Hindi siya nagkamali, ang maganda ngunit masungit na babae nga sa

katabing unit ang tinutukoy ng manager niya.

Natuwa at medyo kinilig siya sa nalaman. Interesado talaga siya sa dalaga. Kahit pa araw-araw siya nitong sinusungitan ay gustong-gusto niya pa ring kausapin ito. Wala lamang sa kanya ang mga pagmamaldita dito, lalo lang niyang gustong magpapansin kay Kit.

Aminado siyang attracted siya sa dalaga. Sinasadya niyang sabayan ito lagi kapag nasa elevator para makausap ito. Madalas kasi ay wala ito o kaya naman ay nagkukulong lamang sa sariling unit.

Napangiti siya nang maalala ang reaksyon ni Kit nang magkita sila sa studio. Para itong nakakita ng multo. Buong araw itong nakasimangot sa kanya.

Nacha-challenge siya sa dalaga.

Nakahiga siya sa couch habang nakikinig ng music. Habang payapang nagdi-daydream tungkol kay Kit, nag-ring ang kanyang doorbell. Nagtaka si Aiden, dahil wala siyang inaasahang bisita. Isa pa, hatinggabi na.

Pero binuksan niya ang pinto, at bumungad sa kanya si Kit. “What brings you here?”

“Hmm...” Sumandal ito sa pinto habang nakapikit. “Ayokong umuwi.”

Natawa si Aiden. Mukhang lasing ang dalaga. Namumula ang mukha nito.

“Ayaw mong umuwi? Eh ’yung pinto ng unit mo and’yan lang sa kaliwa mo. Technically, umuwi ka pa rin,” nakangising sabi ni Aiden habang pinagmamasdan ang mukha ng kaharap.

Isinandal ni Kit ang ulo sa dibdib niya na bahagyang ikinagulat ng binata. He felt his heart skip a beat. Para siyang nahipnotismo sa mabangong amoy ng buhok nito.

“Ayokong matulog diyan ngayon...”

Parang bata itong nagmamaktol. Aiden found it totally cute.

“Saan ka matutulog?” Naisipan niyang magbiro. “Dito sa unit ko?”

Tumingin sa kanya si Kit, at seryoso ang expression nito. Naisip ni Aiden na baka nagalit ito dahil ang pakiramdam ay nabastos.

“I... I didn’t mean to—”

“Okay lang ba kung dito ako matulog?” tanong nito.

Ah, lasing talaga siya. Lasing na lasing. A sober Kit Ramirez wouldn’t say those words.

“S-seryoso ka ba?”

“Kung ayaw mo, eh, di okay lang...”

“Nag-aalala kasi ako,” pag-amin ni Aiden.

“Baka mamaya kung ano’ng magawa ko sa ’yo.”

Kit stood straight and looked at him. She was smirking, which made her look sexy and mysterious. Hindi akalain ni Aiden na may ganoong side ang kapit-bahay.

“Why Aiden, do you think I’m pretty?”
Flirtatious na ang tono ng dalaga.

Napangisi siya. “Absolutely. You’re so pretty I could kiss you right now.”

“Then kiss me.”

Ano daw? Gulat na gulat si Aiden.

“Kiss me,” untag nito.

“Alam mo, Kit, lasing—”

Bago pa man matapos ni Aiden ang sinasabi, pumulupot na sa kanya ang mga braso ni Kit at kinabig nito ang batok niya. Hindi na maipaliwanag ni Aiden ang mga sumunod na mangyari. Basta naramdaman niya na lamang ang mga labi nito na nakalapat sa mga labi niya.

The chaste kiss turned passionate in a split-second. Nasa loob na sila ng unit niya.

Hindi makapag-isip si Aiden nang derecho, bagaman sigurado siyang gusto niya ang nangyayari. Isinara niya ang pinto ng unit niya.